# *Ang Pagsisisi Yugto 1*

***"1 At nang mga araw na yaon ay dumating si Juan Bautista, na nangangaral sa ilang ng Judea, na nagsasabi, 2 Mangagsisi kayo; sapagka't malapit na ang kaharian ng Langit. 3 Sapagka't ito yaong sinalita sa pamamagitan ng propeta Isaias, na nagsasabi, Ang tinig ng isang sumisigaw sa ilang, Ihanda ninyo ang daan ng Panginoon, Tuwirin ninyo ang kaniyang mga landas. 4 Si Juan nga ay nananamit ng balahibo ng kamelyo, at may isang pamigkis na katad sa palibot ng kaniyang baywang; at ang kaniyang pagkain ay mga balang at pulot-pukyutan. 5 Nang magkagayo'y nilabas siya ng Jerusalem, at ng buong Judea, at ng buong lupain sa palibotlibot ng Jordan; 6 At sila'y kaniyang binabautismuhan sa ilog ng Jordan, na ipinahahayag nila ang kanilang mga kasalanan. 7 Datapuwa't nang makita niyang marami sa mga Fariseo at Saduceo na nagsisiparoon sa kaniyang pagbabautismo, ay sinabi niya sa kanila, Kayong lahi ng mga ulupong, sino ang sa inyo'y nagpaunawa upang magsitakas sa galit na darating? 8 Kayo nga'y mangagbunga ng karapatdapat sa pagsisisi: 9 At huwag kayong mangagisip na mangagsabi sa inyong sarili, Si Abraham ang aming ama; sapagka't sinasabi ko sa inyo, na mangyayaring makapagpalitaw ang Dios ng mga anak ni Abraham sa mga batong ito. 10 At ngayon pa'y nakalagay na ang palakol sa ugat ng mga punong kahoy: ang bawa't punong kahoy nga na hindi nagbubungang mabuti ay pinuputol at inihahagis sa apoy. 11 Sa katotohanan ay binabautismuhan ko kayo sa tubig sa pagsisisi: datapuwa't ang dumarating sa hulihan ko ay lalong makapangyarihan kay sa akin, na hindi ako karapatdapat magdala ng kaniyang pangyapak: siya ang sa inyo'y magbabautismo sa Espiritu Santo at apoy; 12 Nasa kaniyang kamay ang kaniyang kalaykay, at lilinisin niyang lubos ang kaniyang giikan; at titipunin niya ang kaniyang trigo sa bangan, datapuwa't ang dayami ay susunugin sa apoy na hindi mapapatay." (Mateo 6:1-12 KJV)***

May isang tanong na kailangang tanungin ng mga tao sa kanilang sarili? *"Paano ako maliligtas?"* Upang sagutin ang katanungang ito gumawa ng isang mabuting pahayag si Pablo sa aklat ng Mga Gawa, ***"21 Na sinasaksihan ko sa mga Judio at gayon din sa mga Griego ang pagsisisi sa Dios, at ang pananampalataya sa ating Panginoong Jesucristo." (Mga Gawa 20:21 KJV)*** Kaya ating mapagpapasyahan na may dalawang kinakailangan para sa pagsisisi:

1. ***Pagsisisi patungo sa Dios.***
2. ***Pananampalataya sa ating Panginoong JesuCristo.***

Kaya ang pagsisisi ay dapat mauna pagkatapos ay susundan ng pananampalataya sa Panginoong Jesus; ang gayong pagsisisi ay nagaakay sa atin sa kaligtasan. Kaya't ang pananampalataya sa Panginoong Jesus ay dapat ituloy sa pagsisisi, kung hindi ay walang kaligtasan.

Samakatuwid ang isyu na kailangang matugunan ay ito: na ang pananamapalataya sa Panginoong Jesus nang walang pagsisisi ay sapat na para sa atin upang maligtas? Ang pananampalataya kay JesuCristo nang walang pagsisisi ay hindi humanhantong sa kaligtasan. Marami ang mga nanampalataya ngunit walang pagsisisi kaya sila'y hindi ligtas dahil patuloy pa rin silang nabubuhay sa kasalanan. Sinasabi ng Bibliya ang tungkol sa biyaya ng Dios at ang Kanyang pagibig sa atin gaya ng nasusulat, ***"Datapuwa't ipinagtatagubilin ng Dios ang kaniyang pagibig sa atin, na nang tayo'y mga makasalanan pa, si Cristo ay namatay dahil sa atin." (Roma 5:8 KJV)*** Ngunit hindi ibig sabihin na magpatuloy at magkasala at mamuhay sa kasalanan sapagkat ang Dios ay magpagbiyayang Dios, at ito ang sinulat ni Pablo sa simbahan ng Dios sa Roma: ***"1 Ano nga ang ating sasabihin? Magpapatuloy baga tayo sa pagkakasala upang ang biyaya ay makapanagana? 2 Huwag nawang mangyari. Tayong mga patay na sa pagkakasala, paano nga tayong mabubuhay pa riyan?" (Roma 6:1-2 KJV)***

Sa parehong paraan, pinayuuhan ni Juan Bautista ang mga tao at binalaan sila na mamunga ng bunga na kaakibat ng pagsisisi. Ang pagsissi ay upang aminin ang iyong kasalanan, upang talikuran ito, upang iwanan ito at ipangako ang iyong sarili at iyong buhay sa Dios sa pamamagitan ng pananampalataya kay JesuCristo, at ang bunga ng pagsisisi ay dapat makita sa buhay ng mga taong kumikilalala kay Jesus bilang Tagapagligtas at Panginoon sa kanilang buhay. ***"Gayon ma'y ang matibay na pinagsasaligan ng Dios ay nananatili na may tatak nito, Nakikilala ng Panginoon ang mga kaniya: at, Lumayo sa kalikuan ang bawa't isa na sumasambitla ng pangalan ng Panginoon." (2 Timoteo 2:19 KJV)*** Sa mga nagpahayag na si Cristo bilang Tagapagligtas at Panginoon sa kanilang buhay dapat nilang talikuran ang kasalanan.

Si Juan ay dumating upang ihanda ang daan para kay Jesus. Ipinapangaral niya ang bautismo ng pagsisisi. Sinasabi niya sa karamihan ang sumusunod tungkol kay Jesus: ***"11 Sa katotohanan ay binabautismuhan ko kayo sa tubig sa pagsisisi: datapuwa't ang dumarating sa hulihan ko ay lalong makapangyarihan kay sa akin, na hindi ako karapatdapat magdala ng kaniyang pangyapak: siya ang sa inyo'y magbabautismo sa Espiritu Santo at apoy:" (Mateo 3:11 KJV)*** Ang bautismo as tubig ay ipinag-uutos para as bawat isa at sa lahat ng nagsisi at nanampalataya sa Panginoogng Jesus. Ang pagbibinyag sa pamamagitan ng paglubog sa tubig sa

pangalan ng Ama at ng Anak at ng Bana na Espiritu ay upang ibaon ang dating buhay at bumangon sa isang bagong buhay, isang buhay as Espiritu. Pagkatapos kapag iyong buhay ay banal as harap ng Dios at ang iyong mga puso ay dalisay at malinis sa harap Niya, ang Panginoong Jesus ay bibinyagan ka ng Banal na Espiritu kapag nagsisi ka sa iyong mga kasalanan at mayroon kang katangian at personalidade ni Jesus sa iyong buhay, pagkatapos ay ibibigay sa iyo ng Dios ang mahahalagang mga kaloob ng Banal na Espiritu.

Si Juan ay nagbabalala sa mga tao sa pamamagitan ng sumusunod :

1. ***‘‘At huwag kayong mangagisip na mangagsabi sa inyong sarili, Si Abraham ang aming ama; sapagka't sinasabi ko sa inyo, na mangyayaring makapagpalitaw ang Dios ng mga anak ni Abraham sa mga batong ito.” (Mateo 3 :9 KJV)*** * Huwag ipagmalaki na ikaw ay isang mananampalataya o born again ngunit hindi ka pa rin nagsisisi at namumuhay sa kasalanan. Ang ganoong mga bagay ay tatangihan ng Dios. * Huwag isipin na ang iyong serbisyo at ministeryo sa Dios ay magtatakip sa kasalanan na ginagawa mo. * Huwag isipin na ang iyong serbisyo at ministério sa Dios ay magtatakip sa iyong pagmamalaki, pagyayabang, pandadaya, pagsisinungaling, pakikiapid, pagnanakaw, pagsasayang ng mga mapagkukunan, pananamantala, paggamit ng iyong paningin para sa hindi makadios na mga layunin, atbp. Bago ang iyong paglilingkod, nais ng Dios na magsisi at malinis mula sa kasalanan na ipinamumuhay mo. Kayang baguhin ng Dios ang mga bato at baguhin ang pinakamasamang mga makasalanan at gawin silang Kanyang mga anak; sa mga nagsisi ay magiging una at sa mga hindi pa nagsisisi ay magiging huli.

2. ***“At ngayon pa'y nakalagay na ang palakol sa ugat ng mga punong kahoy: ang bawa't punong kahoy nga na hindi nagbubungang mabuti ay pinuputol at inihahagis sa apoy.” (Mateo 3:10 KJV)*** Ang kahatulan ng Dios ay darating sa mga namumuhay pa rin sa kasalanan at pagsuway. ***“2 Ang bawa't sanga na sa akin ay hindi nagbubunga, ay inaalis niya: at ang bawa't sanga na nagbubunga ay nililinis niya, upang lalong magbunga.” (Juan 15:2 KJV)*** Ang mga Fariseo at Saduceo narinig nila ang mensahe, ngunit hindi sila nagsisi. Kaya’t huwag maging katulad nila. Ang paghatol ng Dios at poot ay darating sa mga namumuhay sa kasalanan, ***“12 Nasa kaniyang kamay ang kaniyang kalaykay, at lilinisin niyang lubos ang kaniyang giikan; at titipunin niya ang kaniyang trigo sa bangan, datapuwa't ang dayami ay susunugin sa apoy na hindi mapapatay.” (Mateo 3:12 KJV)***

“***Kayo nga'y mangagbunga ng karapatdapat sa pagsisisi:” (Mateo 3:8 KJV)***

Magsisi! Ano ang ibig sabihin ng salitang ito? Maaring ikaw ay naglalakad sa kalye, nagtatrabaho sa iyong tindahan, bumibili ng iyong mga pinamili, nagpapahinga sa iyong tahanan, nauupo sa tindahan ng kape, umiinom ng tasa ng tsaa, binibisita ang isang kaibigan, o ikaw ay nasa isang pagpupulong sa simbahan. Ngunit, pakiusap makikiraan ako sa pagtatanong ng tanong na ito: *Ano ang kinakatawan o ibig sabihin ng pagsisisi sa iyo?*

Ang lahat sa buhay na to ay kumikilos sa pagkilos sa isang tiyak na landas. Higit o mas kaunti, ang bawat isa ay nahikayat sa isang bagay sa buhay na pinaninindigan niya ito. Ang bawa’t tao’y may sariling isip at sariling kalooban. Natagpuan namin ang mga may pananampalataya sa kaalaman na hindi sila naniniwala sa Dios na lumikha ng lahat ng bagay. Sila’y nagtitiwala lamang sa siyentipikong kapangyarihn ng kaalaman at para sa kanila ang Dios ay isang teorya lamang na kailangang patunayan.

Tiningnan naming sa ibang bahagi at natagpuan ang mga taong naniniwala sa kanilang sariling kalakasan at mabubuting gawa bilang daan para sa tunay na pamumuhay at kaligtasan. Sila’y naniniwala sa presenya ng Dios ngunit sila nakumbinsi na upang maabot ang Dios ay pamamagitan ng paggawa ng mabubuting mga gawa, sa pamamagitan ng mga ritwal at mga pagtuturo na iniutos ng mga tao. Hindi nila batid ang totoo at ang pamumuhay sa Dios na lumikha sa Langit at lupa at sa lahat ng bagay na ito at hindi nila alam ang daan patungo sa Kanya.

Ang iba ay umiibig sa salapi at materyal na mga bagay tulad ng ginto, lupain, at mga real state, mga sasakyan atbp. Para sa kanila ang pera at ibang materyal na mga bagay ay ang tanging bagay na makakapagligtas sa kanila. Sa buhay na ito ang pera at mga kayamanan ng materyal na mga bagay ay sa pamamagitan ng kanilang sarili ay hindi masamang mga bagay, ngunit ang pagibig sa pera ay ugat ng lahat ng mga uri ng kasamaan. Ang kasakiman sa pera at mga kayamanan at ibang mga materyal na bagay ay pagsamba sa dios-diosan. Kapag ang pera ay nangunguna sa isip ng isang tao, ang salapi ay ang dios ng taong iyon. Ang kanyang isip at damdamin ay laging nakadugtong sa account ng bangko, mga pagnenegosyo at stock market, sasakyan, ginto, real estate, atbp. Ang pagibig sa salapi ay ginagawa siyang makasarili, at maibigin sa hindi tapat na pakinabang. Siya ay nanaghili, na nanaghili sa pag-aari ng ibang tao. Ang taong maibigin sa pera ay alipin ng pera.

May mga tao din na umiibig sa mga kasiyahan sa sanglibutang ito. Nalululong sila o inaalipin sa mga bagay-bagay bilang daan upang maranasan nila ang kapayapaan at makaahon sa hirap at stress ng buhay. Nasisiyahan sila sa paninigarilyo, pag-inom at pagsusugal; sila ay gumagamit at nalululong sa ilang mga gamot upang sila ay makatulog o makapagpahinga mula sa pagkabalisa at depresyon. Ang iba ay nagsasanay at nanalig sa yoga, karate, at marami pang uri ng ehersisyo para sa isip. Ang iba ay nasasangkot sa mga imoralidad upang masiyahan sa pamumuhay sa kasiyahan ng kasalanan.

May mga nagsasagawa ng mga pangkukulam at mahiko sining, horoscope, atbp. Sila ay nililinlang ng kapangyahiran na ibinigay sa kanila ni Satanas at sila'y nagiging kagamitan ni Satanas upang linlangin din ang iba. Sila'y naglilingkod kay Satanas dahil binigyan sila ng kapangyarihang makakita ng mga bagay sa malayo o sa kabila ng kanilang paningin at manakit, magmanipula o kontrolin ang mga taong walang pananampalataya sa Nag-iisang at tunay na Dios. Ang gayong kapangyarihan ay hindi mula sa Dios sa Langit, at kinapopootan ng Dios ang gayong mga bagay.

Gayunpaman, mahal ng ibang tao ang Dios, Nais nilang maglingkod sa Kanya at mamuhay ng maka-Dios na buhay. Ngunit hindi nila talaga batid ang tamang paraan para maabot at mapasaya ang Dios. Ang Dios ay hindi maabot sa pamamagitan ng anumang pangalan, maliban sa pangalan ni Jesus. Ang Dios ay hindi maabot sa pamamagitan sa mga anghel, santo, apostol, kay Maria na ina ni Jesus, Krisha, Mohammed, Buddha, atbp. Ang sinasabi ng Bibliya. ***''12 At sa kanino mang iba ay walang kaligtasan: sapagka't walang ibang pangalan sa silong ng langit, na ibinigay sa mga tao, na sukat nating ikaligtas.'' (Mga Gawa 4 :12 KJV)*** Ang Dios ay maabot lamang sa pamamagitan ni JesuCristo, ang Anak ng Dios, ang Panginoon ng mga panginoon, at ang Hari ng mga hari. Ang simbahan ay hindi makakapagligtas sa iyo, ang relihiyon ay hindi makakapagligtas sa iyo, ang mabubuting gawa ay hindi makakapagligtas sa iyo, kundi ang pananampalataya kay JesuCristo pagkatapos mong magsisi.

Ang lahat ng nasa itaas na mga pamantayan ng mga tao, kasangkot ang lahat ng mga bagay na ito na ating sinalita ay kailangan ng pagsisisi. Dapat silang magsisi o sila'y hindi makakapasok sa Kaharian ng Dios.

Si Jesus ay bumaba mula sa Langit. Dumating Siya upang ipakita sa atin ang daan upang abutin ang Dios. Sinabi ni Jesus ang nakakakita sa Kanya ay makikita Niya ang Dios, ***"44 At si Jesus ay sumigaw at nagsabi, Ang sumasampalataya sa akin, ay hindi sa akin sumasampalataya, kundi doon sa nagsugo sa akin. 45 At ang nakakita sa akin, ay nakakita doon sa nagsugo sa akin. 46 Ako'y naparito na isang ilaw sa sanglibutan, upang ang sinomang sumampalataya sa akin ay huwag manatili sa kadiliman." (Juan 12:44-46 KJV)*** Si Jesus ay dumating upang ipakita sa atin kung sino ang Dios. Si Jesus ay dumating upang kunin ang ating mga kasalanan at bayaran ang halaga para sa lahat ng ating mga maling gawain. Siya ay namatay sa krus para sa kapatawaran ng ating mga kasalanan at Siya ay nabuhay na maguli sa mga patay noong ikatlong araw upang ibigay ang walang hanggang buhay sa lahat na nanampalataya sa Kanya.

Ang pagsisisi ay pagtalikod mula sa kasalanan at pagpunta sa Dios. Kailangan mong isaalang-alang na ang lahat ng pamantayan ng mga tao na ating nabanggit dati bilang mga makasalanan, maging ang gumagawa ng mabubuting gawa at ang mga mukhang tao sa mga hindi mananampalataya kay Jesus; ang lahat ay kailangang magsisi.

Maaring mong isipin na ikaw ay mas mabuti kaysa sa kanila; siguro dahil may mas mahusay kaysa sa kanila at ay ikaw din ay pumupunta sa simbahan. Ngunit sinasabi ni Jesus, ***"5 Sinasabi ko sa inyo, Hindi: datapuwa't, malibang kayo'y mangagsisi, ay mangamamatay kayong lahat sa gayon ding paraan." (Lucas 13:5 KJV)*** Ang bawat tao ay makasalanan. ***"23 Sapagka't ang lahat ay nangagkasala nga, at hindi nangakaabot sa kaluwalhatian ng Dios." (Roma 3:23 KJV)*** Kung gayon ang lahat ay kailangang magsisi – tumalikod mula sa kanyang maling daan at sumunod sa Dios at magkaroon ng pananampalataya kay Jesucristo.

Ang tunay na pagsisisi ay kinakailanga ng dalawang mga bagay:

1. ***Malinaw na desisyon na huminto sa pagkakasala at talikuran ang dati at makamundong paraan ng pamumuhay: "9 Kung ipinahahayag natin ang ating mga kasalanan, ay tapat at banal siya na tayo'y patatawarin sa ating mga kasalanan, at tayo'y lilinisin sa lahat ng kalikuan." (1 Juan 1:9 KJV)*** Upang ipahayag ibig sabihin upang kilalanin at tanggapin ang iyong kasalanan, humingi ng kapatawaran sa Dios at ihinto ang paggawa ng partikuran na di-makadios na gawain tulad ng pangangalunya, pagsusugal, pag-inom, pagsamba sa dios-diosan, paggawa ng pangkukulam, pagsasagawa ng pagpapatubo, pagkain ng dugo, galit, pakikipag-away, pagnanakaw, pandaraya, at marami pang masasamang paraan, mga kasalanan atbp.

2. ***Lubusang bumaling sa Dios at manampalataya sa Panginoon Jesucristo at hindi sa pangalan ng tao: "21 Na sinasaksihan ko sa mga Judio at gayon din sa mga Griego ang pagsisisi sa Dios, at ang pananampalataya sa ating Panginoong Jesucristo." (Mga Gawa 20:21 KJV)*** Upang magkaroon ng pananampalataya kay Jesus ay hindi ibig sabihin lamang na manampalataya sa Kanya, kundi sumunod sa Kanya, sumunod sa Kanyang Salita, at gawin Siya bilang Panginoon at Dios sa iyong buong buhay. ***"6 Sinabi sa kaniya ni Jesus, Ako ang daan, at ang katotohanan, at ang buhay: sinoman ay di makapaparoroon sa Ama, kundi sa pamamagitan ko." (Juan 14:6 KJV)*** Si Jesus ang daan; hindi mo maabot ang Dios maliban sa pamamagitan ni Jesus, Kung hindi makikita mo ang iyong sarili mula sa masama patungo sa mas masahol pa. Sa pamamagitan ng pagtanggap kay Jesus at pagsunod sa Kanyang halimbawa ay mababago ang iyong buhay, at mamumuhay ka ng matuwid naglilingkod sa Dios at nakalulugod sa Dios. Si Jesus ang katotohanan; maraming kasinungalingan at panlilinlang ng maraming uri ang makikita mo kahit saan. Ngunit ang salita ni Jesus ay laging tama at lahat ay totoo. Ang lahat ng bagay ay maglalaho ngunit ang Salita ng Dios ay matutupad lahat at mananatili magpakailanman. Si Jesus ang buhay; kapag tinanggap mo si Jesus magsisimula kang mabuhay sa buhay na puno ng awa at biyaya, nasisiyahan sa pagibig ng Dios at pangangalaga, buhay na kasiya siya at buhay na walang hanggan. Magsisimula kang mamunga ng mabuting bunga dahil ikaw ay naging anak ng Dios at ng Kanyang instrumento.

***Sa aking Mahal at Minamahal:*** Ang Panginoong Jesus ay namatay para sa iyong mga kasalanan sa krus at nabuhay na maguli mula sa mga patay upang bigyan ka ng walang hanggang buhay. Pagkatapos ng Kanyang pagkabuhay si Jesus ay umakyat sa Langit, at Siya ngayon ay nasa kanang kamay ng Dios ang Ama, namamagitan para sa atin, ngunit Siya ay paparito uli upang hatulan ang nabubuhay at nangamatay. Siya ay paparito upnag kunin tayo; upang kunin yaong mga nagsisi at ipinamuhaya ang kanilang buhay para sa Kanya. Siya ay paparito upang hatulan ang masama na namumuhay sa kasalanan, at Siya ay paparito upang gantimpalaan ang matuwid na nabubuhay para sa Kanya. Ngayon ang panahon para sa iyo na magpasya talaga na tumalikod mula sa iyong masasamang paraan at bumaling sa Dios sa pagkakaroon ng pananampalataya sa ating Panginoong JesuCristo. Gayundin hindi sapat na huminto sa iyong masamang gawain kund kailangan mong magkaroon ng personal na kaugnayan sa Dios sa pamamagitan ni Jesus. Kung gayon mararanansan mo ang buhay ng katuwiran, kagalakan, at kapayapaan habang pinapanatili mo ang iyong sarili malayo sa kasalanan at kasamaan ng sanglibutang ito. Maari kang manalangin sa Dios at hilingin sa Kanya ang iyong kailangan. Higit sa lahat magbubunga ka ng pinakamagandang bunga ng pagsisisi – buhay na walang hanggan kasama ng Dios. Kaya't sundin ang katuruan ng Salita ng Dios na maging handa na madala sa Langit kasama naming kapag dumating si Jesus; magsisi, talikuran ang iyong buhay ng kasalanan at magsimulang sumunod kay Jesus at mamuhay para sa Dios.

***Ang aking Panalangin:*** *Amang Dios ako ay lumalapit sa iyong harapan sa pangalan ni Jesus na namatay sa krus para sa aking kasalanan, na inilibing ngunit nabuhay na maguli mula sa mga patay upang bigyan ako ng walang hanggang buhay. Panginoon ngayon ako ay nagsisisi mula sa sumusunod na mga kasalanan at mga maling gawain: ________________________________ ________________________________________________. Ngayon inilagay ko ang pananampalataya lamang Sa iyo. Aking ipinangako ang aking buhay mula sa araw na ito upang mamuhay para sa iyo at maglingkod sa iyo. Panginoong Jesus, Tulungan mo akong mabago at sumunod sa iyong mga landas. Salamat Sa iyo, Panginoon, para sa walang hanggan, at buhay na kasiya-siya Sa iyo. Ito ang aking dalangin sa pangalan ni Jesus, Amen.*

*Panginoong Jesus salamat sa iyo para bagong kaluluwa na iniligtas mo ngayon at sa mga nagbigay ng kanilang buhay sa iyo at tinanggap ka bilang Tagapagligtas at Panginoon sa kanilang buong buhay. Panginoong Jesus salamat sa kaloob ng pagsisisi at salamat sa kapatawaran para sa aming mga kasalanan at ang kaligtasan na aming tinanggap mula sa iyo.*

*Panginoon pagpalain ang aming mga kapatid na Lalaki at Babae na ipinangako ang kanilang buhay upang mamuhay para sa iyo. Panginoon puspusin sila ng Banal na Espíritu at ibigay sa kanila ng espiritual na mga kaloob na kailangan nila sa kanilang buhay na magpatuloy at maglingkod sa iyo.*

*Panginoon pagpalain kami bilang isang simbahan at patnubayan kami at buksan sa amin ang bagong mga pintuan upang mag-ebanghelio at ibahagi ang aming buhay patotoo sa iba upang makilala ka nila, magsisisi sa kanilang mga kasalanan at sumunod sa iyo. Panginoon ipahayag ang iyong sarili sa kanila sa mga pangitain at panaginip. Ipaalam sa kanila na ikaw ang tunay na Dios at kami ang iyong lingkod. Panginoon pahintulutan kaming humayo at gumawa ng mga bagong alagad ar bautismuhan sila sa pangalan ng Ama at ng Anak at ng Banal na Espíritu. Panginoon pangunahan kami at tulungan kami na magsanay ng bagong mga manggagawa upang maglingkod sa iyo. Panginoon tulungan kaming magtanim ng bagong mga pag-aaral ng Bibliya at bagong kapisanan para sa simbahan. Panginoon pagpalain kami, palawakin ang aming lupain sumaamin nawa ang iyong kamay at ilayo kami sa kapahamakan upang hindi namin madama ang sakit. Nawa ang biyaya ng*

*Panginoong Jesus at ang pagibig ng Dios at ang pakikipagpisan ng Banal na Espiritu ay sumaating lahat sa pangalan ni Jesus, Amen.*

Ang Pagsisisi Yugto 1. Mateo 3:1-12. Mga Gawa 20:21. Roma 5:8. Roma 6:1-2. 2 Timoteo 2:19. Juan 15:2. Mga Gawa 4:12. Juan 12:44-46. Lucas 13:5. Roma 3:23. 1 Juan 1:9. Juan 14:6.

Dr.Ramiz Khalaf
Ang Tagapamahala ng Simbahan
Simbahan ng Diyos
United Arab Emirates
Email: thebread1@gmail.com
Mobile Tel.#: 00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapin at higit sa espiritual na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: www.churchofgoduae.com

Ibahagi mo ito sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at

kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: thebread1@gmail.com.

Pakipadala ng iyong ikasapung bahagi, iyong unang bunga at iba ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:
First Abu Dhabi Bank (FAB)
ACCOUNT NAME:
RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF
ACCOUNT NO:
1576003753162014
IBAN:
AE3803151576003753162014
SWIFT CODE:
NBADAEAACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak at pinansyal, malaya kayo makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerous: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com